



Magpatawad



(Pambungad na Panalangin)

I. ANG TATLONG PAGBASA

UNANG PAGBASA (Is 43:16-21)

¹⁶ITO ang sinasabi ng Panginoon, na s'yang gumawa ng landas, upang may maraanan sa gitna ng dagat. ¹⁷Sa kapangyarihan n'ya ay kanyang nilupig ang malaking hukbo. Nilipol niya ang kanilang mga kabayo. At ang mga karwahe'y winasak, sila'y nangabuwal at di na nakabangon. Parang isang ilaw, na namatay ang ningas. ¹⁸Ito ang sabi niya: "Ang mga nangyari no'ng unang panahon, ilibing sa limot, limutin na ngayon. ¹⁹Narito, at masdan ang nagawa ko'y isang **bagong bagay** na hanggang sa ngayo'y di mo namamasdan. Ako'y magbubukas ng isang landasin sa gitna ng ilang, maging ang disyerto ay patutubigan. ²⁰Ako'y igagalang niyong mga hayop na pawang mailap, gaya ng avestrus at ng asong-gubat; ang dahilan nito, sa disyerto ako'y nagpabukal ng saganang tubig para may mainom

ang aking hिरang. ²¹Sila'y nilalang ko at aking hिरang, upang ako'y kanilang papurihan!"

Tema: **Isang Bagong Bagay**

PAGPAPALIWANAG

- Ang luma:
 - Isang daanan ang nalikha sa dagat, isang landas sa malawak na tubig (b.16), ang mga karo at kabayo, isang makapangyarihang hukbong nangahihigang magkakasama ngunit sila'y hindi na magsisibangon sapagkat sila'y nangamamatay na parang timsim (b.17). Iginigiit sa b.18 na huwag alalahanin ang mga dating bagay, o bulayin man ang mga bagay na sinauna.
- Ang bago:
 - Sa b.16: gagawa ng daan sa lupang masukal, sa ilang at mga ilog. Pararangan ako ng mga hayop sa parang, mga asong-gubat at mga avestrus (b.20), sapagka't ako'y nagbibigay

ng tubig sa lupaing masukal, at ng mga ilog sa ilang, upang painumin ang aking bayang pinili at nilikha para sa aking sarili, upang kanilang maihayag ang aking kapurihan (b.21).

- Ang mga Israelitang napatapon ay naging abala sa pag-alala sa mga mabubuting bagay na ginawa ng Diyos noong kapanahunan ng Exodo, marahil sanhi na rin ng matagal na pagkakatapon, mga paghihirap at mga kakulangan sa mga bagay na may kinalaman sa sariling kultura at paniniwala.
- Sa kontekstong ito ipinapahayag ng Diyos ang bagong plano para sa Israel. Sila ay ibabalik na niya sa Lupang Ipinangako.

SALMONG TUGUNAN (Slm 126)
GINAWAN TAYO NG PANGINOON
NG MGA DAKILANG BAGAY;
NA SIYANG ATING IKINATUTUWA.

IKALAWANG PAGBASA (Fil 3:8-14)

⁸Inari kong kalugihan ang lahat ng bagay bilang kapalit ng lalong mahalaga, ang pagkakilala kay Kristo Jesus na aking Panginoon. Ang lahat ng bagay ay ipinalagay kong walang kabuluhan **makamtan ko lamang si Kristo**, at lubos na makiisa sa kanya. ⁹Hindi ko na hangad na maging matuwid sa pamamagitan ng kautusan kundi sa pananalig kay Kristo. Ang pagiging matuwid ko ngayon ay kaloob ng Diyos batay sa pananampalataya. ¹⁰Ang tanging hangarin ko ngayon ay lubusang makilala si Kristo, maranasan ang kapangyarihan ng kanyang pagkabuhay na mag-uli, makihati sa kanyang mga hirap, at matulad sa kanya—pati sa kanyang kamatayan—¹¹sa pag-asang ako ma’y muling bubuhayin.

¹²Hindi sa nakamtan ko na ang mga bagay na ito. Hindi rin sa ako’y ganap na, nguni’t sinisikap kong maisakatuparan ang layunin ni Kristo Jesus nang tawagin niya ako. ¹³Mga kapatid, hindi ko ipinalalagay na natupad ko na ang mga bagay

na ito. Ang ginagawa ko ngayo’y nililimot ang nakaraan at sinisikap na **makamtan ang nasa hinaharap**. ¹⁴Nagpapatuloy nga ako tungo sa hangganan upang kamtan ang gantimpala ng pagkatawag sa akin ng Diyos sa pamamagitan ni Kristo-Hesus, ang buhay na hahantong sa langit.

Tema: **Pagtatamo kay Kristo**

PAGPAPALIWANAG

- Sa b.8 ibinabahagi ni Pablo ang kanyang kayamanang ngayon lang natagpuan. Bago mangyari ang kanyang pagbabagong-loob, inuusig niya ang mga Kristiyano. Sa kanyang pag-aakala, ginagawa niya ang tama.
- Nang si Kristo ay kaniyang nakilala, nagbagong lubusan ang mga bagay na kanyang pinahahalagahan. Ang dating itinuturing niyang kapakipakinabang, ngayon para kay Pablo ay kalugihan.
- Sa b.9 sapagkat kalugihan na ang turing sa kanila ni Pablo, nagbago na ang plano niya sa buhay: **ang tamuhin si Kristo at ang masumpungan sa kanya**.
- Ipinagpapatuloy ni Pablo ang kanyang pagtugis sa pag-asang ito’y kanyang makamtam [pagkabuhay na mag-uli sa mga patay] (b.12).
- Naangkin na siya ni Kristo (b.12).
- Ngunit inamin niya na hindi pa niya lubusang naaangkin si Kristo (b.13).
- Sa b.14 inuulit ni Pablo ang kanyang sinabi sa b.12. Pagtawag ng Diyos = Muling pagkabuhay.

MABUTING BALITA (Jn 8:1-11)

Tagpo

¹Noong panahong iyon, si Jesus ay pumunta sa Bundok ng mga Olibo. ²Kinaumagaha’y nagbalik siya sa templo. Lumapit sa kanya ang lahat, kaya’t umupo siya at sila’y tinuruan. ³Noo’y dinala sa kanya ng mga eskriba at ng mga Pariseo ang isang babaing nahuli sa pakikiapid.

Pinatayo ito sa harapan nila,

Pagsusubok kay Hesus

⁴at sinabi kay Hesus, “Guro, ang babaing ito’y nahuli sa pakikiapid. ⁵Ayon sa Kautusan ni Moises, dapat batuhin hanggang sa mamatay ang mga gaya niya. Ano ang masasabi mo?”

⁶Itinanong nila ito upang subukin siya, nang may maisumbong sila laban sa kanya.

Tugon ni Hesus

Ngunit yumuko si Hesus at sumulat sa lupa sa pamamagitan ng daliri. ⁷Ayaw nilang tigilan nang katatanong si Hesus, kaya’t sila’y tiningnan niya at sinabi ang ganito, **“Sinuman sa inyo na walang kasalanan ang siyang maunang bumato sa kanya.”** ⁸At muli siyang yumuko at sumulat sa lupa.

Aral na nais ipabatid

⁹Nang marinig nila ito, sila’y isa-isang umalis, simula sa pinakamatanda. Walang naiwan kundi si Hesus at ang babaing naroon pa rin sa harapan niya. ¹⁰Tiningnan siya ni Hesus at tinanong: “Nasaan sila? **Wala bang nagparusa sa iyo?**” ¹¹“Wala po, Ginoo,” sagot ng babae. Sinabi ni Hesus: **“Hindi rin kita parurusahan.** Humayo ka, at huwag nang magkasala.”

Tema: **Ang Awa ni Hesus sa Makasalanan**

PAGPAPALIWANAG

- Sa bb.1-3 ay inilalarawan ang tagpo kung saan magaganap ang mga pangyayari. Ang tagpuan ay ang templo; maraming tao ang dumudulog kay Hesus; pati ang mga eskriba at pariseo ay nagsilapit kay Hesus bitbit ang babaeng nahuling nangangalunya.
- Nabunyag sa bb.4-6 ang masamang layunin ng mga eskriba at pariseo. Ginagamit nila ang babaeng nahuling nangangalunya.
- Sa b.7 pinipilit nila si Hesus na magbigay hatol. Anuman ang kanyang sabihin dapat ito’y maglahad ng pagkondena. Subalit ang di inaasahang sagot ni Hesus ay sumira sa

kanilang masamang binabalak.

- Sa mga bb.9-11 naiwan si Hesus kasama ng babae. Walang pagkondena ang naihatol buhat sa mga eskriba’t pariseo pati kay Hesus.


II. PAG-UUGNAY

Sa Unang Pagbasa, ang bago ay isang bagay na gagawin ng Diyos para sa kanyang bayan (bagay na maaaring asahan). Mga bagong bagay tulad ng tubig sa ilang at mga ilog sa lupaing masukal. Isang bagong buhay para sa taong napapagal at pinanghihinaan ng loob.

Sa Ikalawang Pagbasa, ang bago ay sanhi ng pagkakakilala kay Hesus. Natutunan ni Pablo ang isang bagong pamantayan sa paghusga kung alin ang dapat ituring na mahalaga o kapakipakinabang at alin ang dapat ituring na kalugihan.





Sa Ebanghelyo, ang bago ay ang dinagbabagong awa at kapatawaran ng Diyos na hindi apektado ng mga pagpupumilit at masasamang balak ng tao.

- *Pagpapaliwanag: Fr. Cielo Almazan OFM
Isinalin ni Fr. Khris Llacer, SSP*



(Pangwakas na Panalangin)

Mga Bagong Libro ng ST PAULS



PAMBUNGAD NA PANALANGIN

Kristo, aming Panginoon, Ikaw ang Daan, ang Katotohanan at ang Buhay. Itulot mong makamit namin ang Iyong dakilang pag-ibig sa pamamagitan ng iyong Apostol na si San Pablo at ng Simbahang Katolika. Ipadala Mo sa amin ang Iyong Banal na Espiritu upang maalaala namin ang lahat na Iyong mga ipinangangaral.

Luwalhati sa Ama, sa Anak at sa Espiritu Santo. Kapara nang sa una, ngayon at magpakailanman at magpasawalang hanggan. Amen.

Kung nais po ninyong makatulong sa ating *Biblical Apostolate*, maari pong magdonate ng *legal size na bond paper* sa:

ST PAULS Ads and Promo Office c/o **Rizaldy Cruz**
7708 ST PAUL Road, San Antonio Village, Makati City
Tels: 895-37-16; 890-7130

PANGWAKAS NA PANALANGIN

O Hesus na Dakilang Guro, ikaw ang Salita ng Buhay na walang hanggan. Sumasampalataya kami sa Iyo Panginoon at Katotohanan. Palaguin Mo nawa ang aming pananampalataya. Iniibig ka namin, Panginoon at Daan, nang buo naming lakas dahil iniutos mo sa aming sundin ang Iyong mga Kautusan nang walang pasubali. Nananalangin kami sa Iyo, O Panginoon at Buhay, sinasamba Ka namin, pinupuri Ka namin, at pinasasalamatang dahil sa kaloob mong Banal na Kasulatan. Kasama si Maria, maalaala sana namin at mapangalagaan ang Iyong mga Salita sa aming kaisipan at mapagnilay-nilayan ang mga ito sa aming puso.

Panginoong Hesus, ang Daan, ang Katotohanan, at ang Buhay, maawa Ka sa amin.
Luwalhati... (mula sa *Prayers of the Pauline Family*)